Republic of the Philippines
Department of Education
Region X – Northern Mindanao
**DIVISION OF LANAO DEL NORTE**
Gov. A. QuibranzaProv'l. Gov't. Compound
Pigcarangan, Tubod, Lanaodel Norte

DEPED-LANAO DEL NORTE
RECORDS SECTION-CONTROL NO.
RELEASED
DATE 9-29-17 TIME 2:25 BY

PANSANGAY NA MEMORANDUM
Blg. 259 s.2017

PARA SA MGA : Tagamasid Pansangay/Pampurok
Punong Guro sa mga Paaralang Sekundarya
Composite Team sa Filipino
Tagapag-ugnay / Guro sa Filipino

Buhat kay : **EMMALINDA E.DUHAYLUNGSOD,PhD.,CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Sangay ng Lanao del Norte

Paksa : **2017 PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO**

Petsa : Ika – 29 ng Setyembre, 2017

1. Bilang paghahanda sa Panrehiyong Tagisan ng Talento , ang Dibisyon ng Lanao del Norte Sangay ng CID Kagawaran ng Filipino ay magsasagawa ng Pansangay na Tagisan ng Talento sa Dagliang Talumpati at Interpretatibong Pagbasa para sa Antas Sekundarya sa Ika-9 ng Oktobre ,2017 ika-8:00 n.u. sa Bulwagan ng Paaralang Tubod Sentral .
2. Layunin nito na mataya o masukat ang mga natatanging kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa pamamagaitan ng makabuluhang paligsahan sa larangan ng wika at panitikan.
3. Kabilang sa mga kalahok sa paligsahan ay isang mag-aaral ng Senior High School na nasa Baitang 11 o 12 para sa Dagliang Talumpati at isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Junior High School Baitang 7,8,9,10 para sa Interpretatibong Pagbasa at ang tagapagsanay .
4. Tanging ang magwawagi ng unang pwesto ang siyang kakatawan sa Sangay ng Lanao del Norte para sa 2017 Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino.
5. Ang guguling pera sa pagpunta sa lugar ng pagdarausan ng patimpalak at pagbabalik sa kanilang mga himpilan at pagkain sa araw ng patimpalak ay kukunin sa pondong local /MOOE ng paaralan at ang mga materyales gaya sertipiko, pagkain ng mga hurado at mga panauhin ay kukunin sa pondong pansangay na sasailalim sa masusing polisya ng pag-aawdit at akawnting.
6. Ang punong abalang paaralan ay inaasahang magkaroon ng pambukas at pampinid na palatuntanan gayundin ang pag organisa sa pagdarausan ng patimpalak.
7. Daglian at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito para sa mga kinauukulan ay lubos na inaasahan.

*Kalakip Blg.________ sa Pansangay na Memorandum Blg.________s.2017*

**MGA *PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN* PARA SA TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO 2017**

Kategorya:

A.Dagliang Talumpati

Panuntunan:

1.Iisang kalahok lamang ang inaasahang kakatawan sa bawat sekundarya na mula sa senior high school na mag-aaral.

2.Sa Takdang oras ng patimpalak ang bawat kalahok ay pabubunutin ng paksa . Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minuto upang mag-isip ng mga kaisipan hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang ibang kalahok.

3.Ang bawat kalahok ay bibigyan ng 2-3 minuto upang magtalumpati

4. Ang hindi tumalima sa nabanggit ay may kabawasang puntos sa bawat panuntunan

5. "Corporate attire" ang inaasahang kasuotan ng kalahok

6. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal.

PAMANTAYAN:Rubrics

| | | |
|---|---|---|
| Katapatan (35%) | Kaugnayan sa paksa<br>Pagbibigay diin o damdami | 20%<br>15% |
| Hikayat -(25%) | Dating sa madla<br>Kakayahang pantanghalan<br>Kilos,galaw,kumpas<br>Expresyon ng mukha | 5%<br>5%<br>10%<br>5% |
| Tinig (20%) | Lakas<br>Taginting<br>Kaangkupan ng diwa at damdamin | 5%<br>5%<br>10% |
| Bigkas(20%) | Matatas at maliwanag<br>Wastong pagbubukod ng salita<br>Diin/himig | 10%<br>5%<br>5% |
| Kabuuan | | 100% |

**D.Interpretatibong Pagbasa** (Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng talumpati, monologo,deklamasyon,isahan at sabayang pagbasa ng tula).

Kalahok : Isang pangkat na binubuo ng apat na kasapi mula sa baitang 7,8,9 at 10 sa sekundarya.

Panuntunan:

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan;
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon ng bawat kalahok;
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon;
4. Dapat na ang interpretasyon ay naangkop sa genreng nakasulat sa piyesa;
5. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at putting t-shirt;
6. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok;
7. Walang anumang "props" o kagamitan background music o instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.

PAMANTAYAN:Rubrics

| | | |
|---|---|---|
| Katapatan (40%) | Pagpapalutang ng diwa<br>Pagbibigay diin o damdami | 20%<br>20% |
| Hikayat -(20%) | Pang-akit sa madla<br>Pagbibigay buhay sa tauhan<br>Tindig<br>Kumpas /kilos | 5%<br>5%<br>5%<br>5% |
| Tinig (20%) | Lakas<br>Taginting<br>Kaangkupan ng diwa at damdamin | 5%<br>5%<br>10% |
| Bigkas(20%) | Matatas at maliwanag<br>May pagbubukod-bukod ng mga salita<br>May wastong diin at intonasyon | 10%<br>5%<br>5% |
| Kabuuan | | 100% |